

## Aralin 4

### Gawaing Elektrisidad

#### I. NILALAMAN

Ang bawat gawain ay may simula sa paggawa. Ang proyektong binalak gawin ay kailangan ayon sa plano dahil dito nakasalalay ang maayos at magandang proyekto. Kagigiliwang gawin ang isang proyekto kung ito ay pinili ayon sa kagustuhan, kakayahan, at pangangailangan. Ang wastong kaalaman at paggamit sa mga kasangkapan ay maipapakita sa pagsunod sa plano ng proyekto.

#### II. LAYUNIN

1. Nakakagawa ng proyekto na ginagamitan ng elektrisidad.
2. Nagagamit ang kasangkapan at kagamitan sa gawaing elektrisidad.

#### III. PAKSANG ARALIN

Paksa: Paggawa ng Proyekto ng Ginagamitan ng Elektrisidad

Sanggunian: K to 12 EPPIA-0b-3

Kagamitan: plais, electrical tape, extension cord, turnilyo, mga larawan, tsart

#### IV. PANIMULANG PAGTATASA

1. Sa palagay ninyo, maaari kayang gumamit ng ordinaryong tape o pandikit upang pagdugtungin ang dalawang linya/wire na dinadaluyan ng kuryente?
2. Paano ba ang tamang pamamaraan at paggamit ng kagamitang pang elektrisidad?

#### V. PAMAMARAAN

##### A. PAGGANYAK

1. Itanong: Alam niyo ba kung ano ang tawag sa taong may kaalaman at kasanayan sa paggawa na may kinalaman sa kuryente?
2. Magpakita ng extension cord sa mga mag-aaral

##### B. PAGLALAHAD

1. Pagtalakay sa mga hakbang sa paggawa ng extension cord. Tingnan sa Linangin Natin sa letrang A ng LM.
2. Pakitang turo sa paggawa ng extension cord.

C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN

1. Ano ang kabutihang dulot ng paggawa ng extension cord?
2. Ano ang kahalagahan ng kaalaman sa paggawa ng proyekto na gingamitan ng elektrisidad?

D. PAGLALAHAT

Ipabasa ang Tandaan Natin sa LM.

VI. PAGTATAYA

Sagutan ang Score Card sa Gawin Natin ng LM.

VII. PANGWAKAS NA PAGTATASA

Ano ang kabutihang dulot ng pagkakaroon ng kaalaman sa elektrisidad?

VIII. PAGYAMANIN NATIN

Gumawa ng slogan tungkol sa paggamit ng kuryente sa matipid na pamamaraan.

IX. KARAGDAGANG SANGGUNIAN

Makabukuhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan pahina 198-201